

ANG AKING AWA AY NANGINGIBAW HIGIT SA AKING GALIT (BAHAGI 1 NG 2)

Marka:

Paglalarawan?: Paano nahahayag ang Awa sa Diyos, at mga halimbawa ng awa ng Propeta at kanyang mga Kasamahan.

Kategorya: [Mga Artikulo](#) [Mga Paniniwala ng Islam](#) [Tungkol sa Diyos](#)

Ni: Hala Salah (Reading Islam)

Nailathala noong: 24 Aug 2020

Huling binago noong: 05 May 2013

"Ang kusang loob na pagpapatawad at hindi pagparusa" ay isang kahulugan na madalas na ginagamit para sa salitang awa, ngunit ano ang awa sa Islam?



Sa Islam, ang awa ay binigyan ng mas malalim na kahulugan na lumikha ng isang mahalagang aspeto sa buhay ng bawat Muslim, na siya ay ginagantimpalaan ng Diyos sa pagpapakita nito.

Ang awa ng Diyos, na ipinagkaloob sa lahat ng Kanyang nilikha, ay makikita sa lahat ng ating mga mata: sa araw na nagbibigay ng liwanag at init, at sa hangin at tubig na mahalaga para sa lahat ng nabubuhay.

Ang isang buong kabanata sa Quran ay ipinangalan sa banal na katangian ng Diyos *Ar-Rahman* o "Ang Pinaka-Mahabagin." Gayundin ang dalawa sa mga katangian ng Diyos ay nagmula sa salita para sa awa. Sila ay *Ar-Rahman* and *Ar-Rahim*, ibig sabihin "Ang Pinaka-Mahabagin" at "Ang Pinaka-Maawain." Ang dalawang katangian na ito ay binanggit sa pariralang binanggit sa simula ng 113 na mga kabanata ng Quran: "Sa Ngalan ng Allah, Ang Pinaka Mahabagin at ang Pinaka-Maawain." Ang pariralang ito ay isang patuloy na paalala para sa mambabasa ng walang katapusang awa at dakilang mga biyaya ng Diyos.

Tiniyak sa atin ng Diyos na ang sinumang gumawa ng kasalanan ay mapatawad kung magsisi siya at tumigil sa gawaing ito, kung saan sinabi Niya:

"ang inyong Panginoon ay nagtakda sa Kanyang Sarili ng habag - na sinuman sa inyo ang magkamali sanhi ng kamangmangan [at] pagkaraan ay nagsisi at itinuwid [ang kanyang sarili] - katiyakan, Siya ay Mapagpatawad, Maawain." (Quran 6:54)

Ang talatang ito ay napatunayan sa pamamagitan ng pagsasalaysay ni Propeta Muhammad (sumakanya nawa ang awa at pagpapala), kung saan sinabi niya na sinabi ng Diyos:

“Ang Aking Awa ay Nangingibaw Higit sa Aking Galit.”

Ang gantimpala para sa kabaitan at pagkahabag ay tiniyak din ni Propeta Muhammad (sumakanya nawa ang Awa at Pagpapala):

“Ang pagka-awa ay papakitaan din ng Awa ng Pinaka-Maawain. Magpakita ng awa sa mga nasa lupa, at Siya na nasa langit ay magpapakita ng awa sa iyo.” (As-Suyuti)

Ang Awa ng isang Propeta

Tungkol sa awa ng Propeta Muhammad (sumakanya nawa ang kapayapaan at pagpapala), mas mabuti na banggitin muna natin kung ano ang sinabi mismo ng Diyos tungkol sa kanya:

“At ikaw [O Muhammad] ay hindi Namin ipinadala maliban bilang isang habag para sa lahat [ng mga nilikha].” (Quran 21:107)

...na tinitiyak na ang Islam ay itinatag sa awa, at ipinadala ng Diyos si Propeta Muhammad, (sumakanya nawa ang awa at pagpapala), bilang awa sa lahat ng nilalang na walang pagbubukod.

Sinasabi din ng Diyos sa Quran:

“Katiyakang dumating na sa inyo ang isang Sugo [Muhammad] mula sa inyong mga sarili [lahi]. Ikinalulungkot niya na kayo ay dumanas ng kahirapan. Siya ay nagmamalasakit sa inyo [hangad niya na kayo ay mapatnubayan]; [at] sa mga naniniwala, [siya ay] mabait, at maawain.” (Quran 9:128)

Ang mga talatang ito ay malinaw na ipinakita sa mga kaugalian at pakikitungo ng Propeta, sapagkat nagdusa siya ng maraming paghihirap upang ihatid ang mensahe ng Diyos. Ang Propeta ay pinaka banayad din sa paggabay sa kanyang mga tao, at noong tuwing pinipinsala siya ay palaging hinihiling niya sa Diyos na patawarin sila sa kanilang kamangmangan at kalupitan.

Mga Kasamahan ng Propeta

Kapag naglalarawan sa mga Kasamahan sinasabi ng Diyos sa Quran:

***“Si Muhammad ay Sugo ng Allah. At yaong kanyang mga kasamahan ay mahigpit laban sa mga di-naniniwala, [nguni’t mahabagin] sa isa’t isa [sa kapwa Muslim].”
(Quran 48:29).***

Ang ilang mga tao ay maaaring isipin na malinaw para kay Muhammad (sumakanya nawa ang kapayapaan at pagpapala) na maging moral, sapagkat siya ay isang propeta, ngunit ang mga Kasamahan ay mga ordinaryong tao na nag-alay ng kanilang buhay sa pagsunod sa Diyos at sa Kanyang Propeta. Halimbawa, inialay ni Abu Bakr As-Siddiq ang lahat ng kanyang kayamanan para sa pagbili ng mga alipin mula sa kanilang mga brutal na amo at pagkatapos ay pinalaya niya sila para sa Diyos.

Kapag nililinaw ang tamang konsepto ng awa sa kanyang mga Kasamahan, sinasabi ng Propeta na hindi ito sa pamamagitan ng kabaitan ng isang tao sa pamilya at mga kaibigan, ngunit ito ay sa pamamagitan ng pagpapakita ng awa at pagkahabag sa pangkalahatang publiko, kilala mo man sila o hindi.

Isang "Kunting" Awa

Ang ilan sa mga walang puso na tradisyon bago ang Islam ay ang pag-aalay ng isang bata bilang alay para sa mga diyos at buhay na nililibing ang mga batang babae. Ang mga gawa na ito laban sa mga bata ay mahigpit na ipinagbabawal ng Quran at Propetikong Sunnah nang maraming beses.

Tulad ng sa awa ng Propeta sa mga bata, minsan ay pinamunuan niya ang dalangin kasama ang kanyang mga apo, sina Al-Hasan at Al-Husain, mga batang batang naglalaro at umaakyat sa kanyang likuran, kaya sa takot na masaktan o mahulog sila kung dapat na siyang tumayo, ay pinapahaba ng Propeta ang kanyang pagpatirapa. Sa ibang pagkakataon, isinagawa ng Propeta ang kanyang panalangin habang karga niya si Umamah, ang kanyang apo.

Ang kabaitan ng Propeta na ito ay hindi lamang ipinagkaloob sa kanyang sariling mga anak ngunit pinalawak din sa mga bata na naglalaro sa kalye. Sa sandaling makita ang Propeta, tatakbo sila patungo sa kanya, at tatanggapin niya silang lahat na may mainit na ngiti at nakabukas na mga bisig.

Kahit na sa pagdarasal ay malinaw ang likas na kabaitan ng Propeta, tulad ng sinabi niya minsan:

“(Nangyari na) Sinimulan ko ang pagdadasal na may intensyon na pahabain ito, ngunit ng narining ko ang pag-iyak ng isang bata, pinaikli ko ang dasal dahil alam kong ang pag-iyak ng bata ay pupukaw sa damdamin ng kanyang ina dahil sa pagmamahal.” (Saheeh Al-Bukhari)

Sa maraming mga sitwasyon itinuro sa atin ng Propeta kung paano dapat palakihin ang mga bata sa mabait at mapagmahal na kapaligiran, at na hindi sila dapat mabugbog, o

matamaan sa mukha, upang maiwasan ang kanilang kahihyan. Nang makita ng isang lalaki ang Propeta na hinahalikan ang kanyang apo, nagtaka siya sa pagiging banal ng Propeta at sinabi, **“Mayroon akong sampung anak ngunit hindi ko kailanman hinalikan ang sinuman sa kanila.”** sagot ng Propeta,

“Siya na hindi magpapakita ng awa, walang awa ang maipapakita din sa kanya.” (Saheeh Al-Bukhari)

Isang Hagod lang ng Buhok

Nang binanggit ng Diyos ang mga ulila sa Quran sinabi Niya kung ano ang ibig sabihin:

“Kaya para sa ulila, [siya ay] huwag mong apihin [o abusuhin].” (Quran 93:9)

Alinsunod sa talatang ito ay kasama ang kaugalian ng Propeta para sa mga ulila, sapagkat sinabi niya:

“Ako at ang taong nangangalaga sa isang ulila at naglaan para sa kanya, ay makakapasok sa Paraiso na tulad nito, "pinagsama ang kanyang hintuturo at gitnang mga daliri. (Abu Dawud)

Upang madama ang kanyang kahalagahan bilang ulila at kung nawala ang pagmamahal ng kanyang mga magulang ay may mga taong handang magmahal at mag-alaga sa kanya, hinikayat ng Propeta ang kabaitan sa pagsasabi na ang isang tao ay gagantimpalaan ng mabubuting gawa para sa bawat buhok na hinihimas niya sa ulo ng ulila.

Ang proteksyon sa pag-aari ng ulila ay malinaw na nakumpirma ng Diyos at ng Kanyang Propeta. Halimbawa, sinabi ng Diyos kung ano ang ibig sabihin:

“Katotohanan, yaong mga kumakain sa yaman ng mga ulila nang may kamalian ay kumain lamang ng apoy sa kanilang mga tiyan. At katiyakan sila ay papasok sa naglalagablab na apoy!” (Quran 4:10)

Ang isang sinasabi ng Propeta ay nagpapabatid sa atin na ang isa sa pitong pinakamasakit na kasalanan ay ang pagkain ng pag-aari ng isang ulila.

Ang web address ng artikulong ito:

<https://www.islamreligion.com/tl/articles/1183/ang-aking-awa-ay-nangingibaw-higit-sa-aking-galit-bahagi-1-ng->

